

Olivenhain Municipal Water District (Distrito ng Tubig ng Munisipalidad ng Olivenhain, OMWD)
Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo sa Tahanan Dahil sa Hindi Pagbayad

Nakatakda ang pagbabayad sa ika-25 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng bill bawat buwan. Maaaring tumawag ang mga customer sa customer service sa 760-753-6466 para mag-apply para sa pagpapaliban ng oras para magbayad, para magpetisyon para sa muling pagsusuri at pag-apela ng bill, o para humiling ng amortization agreement (kasunduan para sa paunti-unting pagbayad). May ipapataw na multa para sa pagiging huli kapag hindi natanggap ang mga kabayaran bago ang ikasampung araw ng trabaho pagkatapos ng nakatakdang petsa ng pagbabayad. Magpapadala ang OMWD ng mga abiso sa pagiging huli sa mga customer na may hindi pa nababayaranang mga bill ng tubig nang hindi bababa sa 15 araw bago ang pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbayad. Magpapadala ang OMWD ng mga abiso sa pagiging huli sa mga customer na nagbabayad sa ilalim ng isang amortization agreement ngunit hindi ito magpapataw ng multa para sa pagiging huli sa anumang balanseng saklaw ng amortization agreement. Hindi puputulin ang serbisyo dahil sa hindi pagbayad hanggang lumampas sa 60 araw ang hindi pagbayad sa anumang bahagi ng bill at hanggang hindi pa naabisuhan ang customer sa pamamagitan ng tawag sa telepono o sulat nang hindi bababa sa pitong araw ng trabaho bago ang pagputol. Magpapadala ang OMWD ng abiso sa pagputol sa puputulang lugar nang hindi bababa sa 48 oras bago ng pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbayad, ayon sa Administrative and Ethics Code (Kodigo sa Administrasyon at Etika) ng OMWD. Magsasagawa ng huling pagsubok na makipag-ugnayan sa customer sa pamamagitan ng telepono nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang pagputol ng serbisyo. Dapat magbayad ang mga customer ng Kabayaran Para sa Abiso ng Pagputol kapag kinailangang magpadala ng OMWD ng abiso sa pagputol para putulin ang serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbayad ng bill ng tubig. Hindi puputulin ang serbisyo kapag natugunan ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon bago ang pagputol: 1) Nagbigay ang customer ng sertipikasyon ng isang lisensyadong doktor, kabilang ang numero ng lisensya ng doktor, na nagsasabing ang pagputol ng tubig ay mapanganib sa buhay, o malalang nagbabanta sa kalusugan at kaligtasan, ng residente ng puputulang lugar, 2) Nagpakita ang customer ng kawalan ng pinansiyal na kakayahang magbayad sa loob ng normal na oras ng pagbayad (billing cycle), at 3) Handa at pumapayag ang customer na pumasok sa isang amortization agreement kung ang customer ay walang pinansiyal na kakayahang magbayad ayon sa normal na panahon ng pagbayad. Kung natugunan ang mga ito, hindi puputulin ang serbisyo ng tubig hangga't nasusunod ng customer ang mga nilalaman ng amortization agreement. Sa kaganapang hindi nakasunod ang customer sa mga nilalaman ng amortization agreement o hindi nakasunod sa pagbabayad para sa account sa serbisyo ng tubig habang dumadagdag ang dapat bayaran sa bawat sumusunod na panahon ng billing, maaaring putulin ang serbisyo ng tubig. Kapag hindi natugunan ang mga kondisyong ito, maaaring mag-alok ang OMWD, ayon sa mabuting pagpapasiya nito, ng amortization ng hindi pa nabayaranang balanse o pansamantalang pagliban ng kabayaran. Kapag magsagawa ang OMWD ng amortization agreement kasama ang customer, hindi puputulin ng OMWD ang serbisyo sa customer na nagbabayad sa ilalim ng isang amortization agreement, kung ang mga kabayaran sa ilalim ng kasunduan at ang mga sumusunod na kabayaran para sa paggamit ng tubig ay nabayaran sa tamang oras habang dumadagdag ang dapat bayaran sa bawat sumusunod na panahon ng billing. Kung hindi makasunod ang customer sa amortization agreement o pagpapaliban nang 60 araw o higit pa, o kung ang isang customer na may amortization agreement o pagpapaliban ay hindi nakapagbayad ng mga kasalukuyang kabayaran para sa serbisyo nang 60 araw o higit pa, magpapadala ang OMWD sa puputulang lugar ng isang abiso sa pagputol nang hindi bababa sa limang araw ng trabaho bago ang pagputol ng serbisyo. Kung natukoy ang kwalipikasyon para sa pagbubukod pagkatapos ng pagputol ng serbisyo ng tubig, ang bahagi ng balanse ng customer na lampas sa takdang petsa ay dapat matanggap para maipanumbalik ang serbisyo ng tubig. Ibabalik lamang ang serbisyo ng tubig kapag nabayaran nang buo ang mga natitirang singil sa tubig at mga multa, pati na rin ang lahat at anumang naaangkop na singil para sa pagpapamumbalik ng serbisyo at deposito.